# Mga Tao sa Pasko ng Pagkabuhay

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Fr. Bong Guerrero
Abril 16, 2022

Ang Pasko ng Pagkabuhay ay piyesta ng mga piyesta, ang taimtim ng mga solemnidad, para sa matagumpay na pagsakop ni Kristo sa kamatayan at muling pagkabuhay. Tinawag itong Pasko ng Pagkabuhay dahil sumasagisag ito sa pagsikat ng araw mula sa silangan na nagbibigay sa ating lahat ng pag-asa at pananampalataya. Sinabi ni San Pablo na kung hindi nabuhay muli si Kristo ay walang kabuluhan ang ating pananalig. Ang mga taong sumusunod kay Hesus at naniniwala sa Kanyang muling pagkabuhay ay tinatawag na mga tao sa Pasko ng Pagkabuhay. Binigyan tayo ng Diyos ng pinakadakilang regalo sa muling pagkabuhay ni Kristo upang tayo din ay bumangon kasama Niya. Hindi lang tayo naghahanda ng buhay na walang hanggan kundi nagsisikap din na makasama si Hesus sa pamamagitan ng pagmamahal sa kapwa (pag-aalaga sa kanilang kapakanan).

**Bilang mga tao sa Pasko ng Pagkabuhay, mayroon tayong bukod tanging papel na ginagampanan:**

**1. Aktibong paglahok**

1.1 Sa pagsisimba, dapat tayo ay makilahok sa pagtugon sa misa.

1.2 Manalangin tayo nang buong puso para maramdaman ng Diyos ang ating presensya.

**2. Matutong magbigay at magbahagi**

2.1 Katiwala lamang tayo ng Diyos sa Kanyang yaman; kaya, dapat matuto tayong magbahagi/ magbigay ng biyaya sa mga taong higit na nangangailangan.

2.2 Ang pinakamabuting paraan ng pag aalaga ng Kanyang mga biyaya ay pagbabahagi. "Magbigay kayo at bibigyan kayo ng Diyos: hustong takal, siksik, liglig at umaapaw pa ang ibibigay sa inyo" (Lucas 6:38).

2.3 Bilang mabuting katiwala, gamitin natin ang mga biyayang bigay ng Diyos ayon sa Kanyang layunin.

**3. Makibahagi sa tinapay ng buhay**

" Ako ang tinapay ng buhay na bumaba mula sa langit"(Juan 6:51).

3.1. Ang diwa ng misa ay ang katawan at dugo ni Hesu-Kristo sa pamamagitan ng tinapay at alak na itinalaga ng pari sa pagdiriwang ng Eukaristiya.

3.2. Bilang tao sa Pasko ng Pagkabuhay, kailangan nating makibahagi sa Kanyang katawan dahil ito ang tinapay mula sa ating Ama sa langit.

3.3. Kung tayo ay may maliit na kasalanan, dasalin ang Dasal sa Pagsisisi.

3.4. Kung tayo ay may mabigat na kasalanan, dapat tayo ay mangumpisal.

3.5. Kung hindi makapagkumpisal dahil sa kawalan ng pari, maaring suriin ang sarili at isipin ang "Ginintuang Patakaran" : "Gawin ninyo sa iba ang ibig ninyong gawin sa inyo" ( Lucas 6:31).

3.6. Tumanggap ng Banal na pakikinabang pagkatapos mangumpisal.

**4. Magdiwang sa Araw ng Diyos nang may kagalakan. Bilang mga tao sa Pasko ng Pagkabuhay dapat:**

4.1. gawin ang karapatan kung dumadalo sa misa para maggalak at mag-ingay para sa Diyos.

4.2. ipahayag na ang Diyos ay buhay.

4.3. mamuhay ayon sa ating pinaniniwalaan.

4.4. gawin ang ating pinapangaral.

4.5. ipadama ang ating nararamdaman.

4.6. gawin ang mga bagay na naiisip para sa ikabubuti ng iba.

**Konklusyon:**

Tayo, bilang mga tao sa Pasko ng pagkabuhay, ay naniniwalang si Hesus ay muling nabuhay mula sa kamatayan. Kaya nga't, hindi na tayo dapat matakot, mabagabag at magduda. Dahil sa Kanyang kamatayan at sa Kanyang dugo, tayo ay naligtas. Dagdag pa nito, naniniwala rin tayo na pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay nasa sa atin na Siya kagaya ng kanyang ipinangako (Mateo 20:28).

**Pagninilay:**

1. Naniniwala ka ba na ang kamatayan ay hindi katapusan ng buhay?
2. Ano ang gusto ng Diyos na gawin mo habang narito ka sa mundo?
3. Paano mo ipakikita ang iyong pagmamahal sa kapwa sa paraang kaya mong nakamit?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Muling Pagkabuhay